

ISKEDYUL NG BAYARIN SA PAMAMAHALA NG SOLIDONG BASURA

Gamitin ang impormasyong nakapaloob sa liham na ito upang pumili ng bago mong lalagyan ng basura at pagre-recycle, at upang kumpirmahin o ma-update ang lalagyan mo para sa organikong basura bago o sa **Setyembre 30, 2025.**

Kung wala kang pipiliin, awtomatiko kang makakatanggap ng bagong 95-galon na kulay abong lalagyan ng basura, kulay light blue na lalagyan ng pagre-recycle, at 95-galon na kulay berdeng lalagyan para sa organikong basura, kung wala ka pa nito. Sisingilin ng Lungsod ang lahat ng customer ng halagang nasa **Bundle Opsyon 3** na \$43.60 bawat buwan, na makikita sa kanilang buwis para sa taong 2025–2026². Kung pipili ka ng lalagyan ng basura na mas maliit sa 95-galon, makakatanggap ka ng credit sa tax bill mo para sa taong 2026–2027 tax statement. Kung pipili ka naman ng mga karagdagang lalagyan bukod sa paunang bundle, magkakaroon ka ng karagdagang singil sa tax bill mo para sa taong 2026–2027 tax statement. Sa parehong kaso, ang mga pagbabago sa tax bill para sa taong 2026–2027 ay ika-kalkula batay sa bilang ng mga buwang lumipas mula nang matanggap mo ang mga hiniling na lalagyan hanggang sa katapusan ng Hunyo 2026.

² Ang mga customer na kasalukuyang may lalagyan na mas maliit sa 95 galon ay maaaring humiling ng 95-galon na lalagyan simula Hulyo 2025.



Upang malaman ang karagdagang impormasyon tungkol sa bagong Bayad sa Pamamahala ng Solidong Basura o upang makakita ng gabay at mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa bagong Residential Waste Collection Services Portal, pakibisita kami sa sandiego.gov/trash-service-updates.

The City of
SAN DIEGO
Environmental Services Department
9601 Ridgehaven Ct.
San Diego, CA 92123

Buwanang bayad para sa may-ari ng ari-arian na nangangailangan ng bundle ng isang (1) lalagyan ng basura, isang (1) 95-galon na lalagyan para sa pagre-recycle, at isang (1) 95-galon na lalagyan para sa organikong basura:

Mga Bundle	Petsa ng Pagkaepektibo			
	Hulyo 1, 2025	Hulyo 1, 2026	Hulyo 1, 2027	Hulyo 1, 2028
Bundle Opsyon 1: • 35-gal lalagyan ng basura • 95-gal¹ lalagyan ng pag-recycle • 95-gal¹ olalagyan ng organikos	\$32.82	\$33.66	\$40.57	\$42.89
Bundle Opsyon 2: • 65-gal lalagyan ng basura • 95-gal¹ lalagyan ng pag-recycle • 95-gal¹ olalagyan ng organikos	\$38.94	\$39.86	\$48.76	\$51.22
Bundle Opsyon 3: • 95-gal lalagyan ng basura • 95-gal¹ lalagyan ng pag-recycle • 95-gal¹ olalagyan ng organikos	\$43.60	\$44.57	\$55.00	\$57.55

Karagdagang buwanang bayad para sa bawat dagdag na lalagyan para sa may-ari ng ari-arian na nangangailangan ng higit sa isang (1) lalagyan ng basura, isang (1) lalagyan ng pagre-recycle, at isang (1) lalagyan ng organikong basura:

35-gal lalagyan ng basura	\$6.89	\$6.98	\$8.79	\$8.87
65-gal lalagyan ng basura	\$13.06	\$13.23	\$16.65	\$16.81
95-gal lalagyan ng basura	\$17.78	\$18.01	\$22.69	\$22.90
95-gal ¹ lalagyan ng pag-recycle	\$9.67	\$11.11	\$14.84	\$17.50
95-gal ¹ olalagyan ng organikos	\$13.01	\$12.71	\$13.44	\$13.54

¹ Kasama sa bayad para sa bundle ang isang 95-galon na lalagyan para sa pagre-recycle at isang 95-galon na lalagyan para sa organikong basura at ang bayad para sa karagdagang lalagyan ng pagre-recycle o organikong basura ay para rin sa 95-galon na lalagyan. Kung ang isang customer ay mas nais ng mas maliit na lalagyan para sa pagre-recycle o organikong basura para sa mga kadahilanang hindi konektado sa mga serbisyo sa pamamahala ng solidong basura (halimbawa: kung gusto nila ng mas maliit na sukat dahil sa limitadong espasyo), magbibigay ang Lungsod, ngunit mananatili ang parehong bayad.

PRESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE
PAID
SAN DIEGO, CA
PERMIT 134



Mahalagang Paalala: Huwag Itapon!
Ang liham na ito ay naglalaman ng impormasyon na natatangi para sa isang partikular na ari-arian na pag-aari mo.

[May-ari ng Ari-arian/Pangalan ng Manager]

[May-ari ng Ari-arian/Address ng Manager]

KAILAN AKO SISINGILIN? MAGKANO ANG BABAYARAN KO?

Noong Hunyo 9, 2025, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng San Diego ang bagong Bayad sa Pamamahala ng Solidong Basura. Noong Hunyo 24, 2025, pinahintulutan ng Konseho ng Lungsod ang Environmental Services Department (ESD) na kolektahin ang bayad sa pamamagitan ng County Tax Roll. Pagsapit ng Oktubre 2025, makikita mo na ang halagang \$523.20 sa buwis mo sa ari-arian¹.

Ito ang halaga para sa bundle ng 95-galon na lalagyan ng basura. Kung wala ka pa ngayong 95-galon na lalagyan ng basura at nais mong magkaroon nito ngayon, mangyaring mag-request sa pamamagitan ng pagbisita sa sandiego.gov/wcu o direktang kontakin ang ESD sa **858-694-7000** o sa trash@sandiego.gov, at magbibigay ang ESD ng lalagyan sa lalong madaling panahon. Kung hindi naman, pakigawa ang pagpili mo ng mga lalagyan sa portal.

Maaaring makatanggap ka ng rebate sa 2026–2027 tax statement mo kung hihiling ka ng bagong 65- o 35-galon na lalagyan ng basura, na sisimulang ipamahagi ng Lungsod sa Oktubre. Magsisimula ang rebate sa mismong araw na maihatid sa iyo ang bagong lalagyan, dahil mas mababa ang buwanang bayad para sa 35-galon na bundle (\$32.82 bawat buwan) at 65-galon na bundle (\$38.94 bawat buwan) kumpara sa 95-galon na bundle (\$43.60 bawat buwan).

Kung mangangailangan ka ng karagdagang mga lalagyan bukod sa minimum na isang lalagyan ng basura, isang lalagyan ng pagre-recycle, at isang lalagyan ng organikong basura (tatlo sa kabuuan), ikaw ay magkakaroon ng karagdagang singil sa ikalawang taon na magiging epektibo sa mismong araw ng paghatid ng mga karagdagang lalagyan. Ito ay dahil may karagdagang bayad para sa bawat lalagyan na lampas sa minimum na tatlo.

PAKITINGNAN ANG KABILANG BAHAGI PARA SA IMPORMASYON TULONG PINANSYAL

¹ Ang mga ari-ariang hindi kasama sa ulat, na tinanggap ng Konseho noong Hunyo 24, 2025 at naka-post online sa sandiego.gov/trash-service-updates, ay hindi makakita ng singil sa kanilang 2025–2026 tax statement. Ang mga ari-ariang kalaunang mapapatunayang kwalipikado para sa koleksyon ng Lungsod ngunit hindi naisama sa ulat ay makakatanggap ng prorated na singil para sa 2025/2026 mula sa petsa ng pagsisimula ng kanilang serbisyo at ng buong singil para sa 2026–2027 sa kanilang 2026–2027 tax statement.

Mga Detalye ng Ari-arian Mo:
Address: [Ilagay Dito ang Address ng Ari-arian]
APN: [Ilagay Dito ang APN]

Kumusta [Pangalan] -

Ang Environmental Services Department ng Lungsod ng San Diego ay maghahatid na ng mga bagong kulay-abong lalagyan ng basura at kulay light blue na lalagyan ng pagre-recycle sa ari-arian mo, kapalit ng kasalukuyan mong itim na lalagyan ng basura at asul na lalagyan ng pagre-recycle. Pakigamit ang impormasyong nasa liham na ito upang mag-log in sa bagong **Residential Waste Collection Services Portal** at pumili ng (mga) laki at (mga) bilang ng mga lalagyan para sa ari-arian mo.



Kinakailangan na ang bawat ari-arian ay may hindi bababa sa isang lalagyan ng basura, isang lalagyan ng pagre-recycle, at isang lalagyan ng organikong basura. Bagama't ang karaniwang sukat ng lalagyan ay 95 galon, maaaring sapat na ang mas maliit na 35-galon o 65-galon na lalagyan ng basura para sa mga may-ari ng ari-ariang kaunti lamang ang basurang nalilikha. Sa kabilang banda, ang mga may-ari ng ari-ariang may higit sa isang unit sa loob ng lote, o iyong mas maraming basurang nalilikha, ay maaaring mangailangan ng mas malaking 95-galon na lalagyan o higit pa sa isang lalagyan.

Mahalaga: Kung hindi ka gagawa ng anumang pagpili, awtomatiko kang makakatanggap ng isang (1) 95-galon na kulay-abong lalagyan ng basura at isang (1) 95-galon na kulay light blue na lalagyan ng pagre-recycle, kahit na ang ari-arian mo ay may isa o higit pang unit. Ang lumang lalagyan mo mula sa Lungsod ay kukunin at ire-recycle. Pagkatapos maihatid ang mga bagong lalagyan, ititigil na ng Lungsod ang pagkolekta mula sa mga lumang itim, asul, at biniling lalagyan. Ang mga berdeng lalagyan para sa organikong basura ay hindi ibibigay maliban kung hihiling ka ng bagong sukat, ibang bilang, o kung wala kang kasalukuyang berdeng lalagyan. Tandaan, ang bayad para sa bundle ay kasama na ang isang 95-galon na lalagyan ng pagre-recycle at isang 95-galon na lalagyan ng organikong basura at ang bayad para sa karagdagang lalagyan ng pagre-recycle o organikong basura ay may kasamang 95-galon na lalagyan. Kung mas gusto mo ng mas maliit na lalagyan para sa pagre-recycle o organikong basura para sa mga kadahilananang hindi konektado sa mga serbisyo sa pamamahala ng solidong basura (halimbawa: kung gusto mo ng mas maliit na sukat dahil sa limitadong espasyo), magbibigay ang Lungsod, ngunit mananatili ang parehong bayad.

Maaari ka nang magsimulang pumili ng mga lalagyan mo simula Hulyo 15, 2025. Magsisimula ang Lungsod sa paghahatid ng mga bagong lalagyan at pagkuha ng mga lumang lalagyan sa **Oktubre 2025** at magpapatuloy ito hanggang **Hunyo 2026**. Kung mas kaunti ang pipiliin mong lalagyan kaysa sa mayroon ka ngayon, kukunin ng Lungsod ang mga sobra mong lalagyan. Maaari ka ring humiling na baguhin ang bilang o sukat ng (mga) berdeng lalagyan mo para sa organikong basura.

Ang mga tagubilin sa ibaba ay makatutulong sa iyo na mag-navigate sa **Residential Waste Collection Services Portal** at pumili ng mga lalagyan para sa ari-arian mo. Pakigawa ang pagpili mo mula ngayon hanggang **Setyembre 30, 2025**.

Kung kailangan mo pa ng karagdagang tulong sa pagpili, bisitahin ang sandiego.gov/esdportalres para sa gabay at Mga Madalas Itanong (FAQs), o kontakin ang aming mga Kinatawan ng Serbisyo sa Customer sa **858-694-7000** o sa trash@sandiego.gov

Salamat
Environmental Services Department

PAANO PUMILI NG IYONG BAGONG ANTAS NG SERBISYO SA PAGKOLEKTA NG BASURA

HAKBANG 1: Pumunta sa Residential Waste Collection Services Portal

- I-scan ang QR code gamit ang mobile device mo o i-type ang sumusunod na URL sa internet browser mo: wasteportal.sandiego.gov

HAKBANG 2: Gumawa ng Single Sign-On Account mo para sa Lungsod ng San Diego

- Ilagay ang email address, pangalan, at apelyido mo. Gumawa ng password. Kumpirmahin ang account mo sa pamamagitan ng link na ipinadala sa email mo.



HAKBANG 3: Gamitin ang APN at Natatanging Code mo upang idagdag ang ari-arian na ito sa account mo

- APN Number: [APN Number]
- Unique Code*: [Unique Code Mo]

HAKBANG 4: Piliin ang Kabuuang Bilang ng mga Lalagyan na Kailangan para sa Ari-arian Mo

- Piliin ang bilang at sukat ng bagong kulay-abong lalagyan ng basura mo at light blue na lalagyan ng pagre-recycle.
- Kumpirmahin o baguhin ang bilang at/o sukat ng (mga) berdeng lalagyan ng organikong basura mo.
- Pakigawa ang pagpili mo bago o sa Setyembre 30, 2025.


OPSYONAL NA HAKBANG: Magtalaga ng pangalawang user sa account mo

- Binibigyan-daan ka ng Portal na magtalaga ng isang tao bilang pangalawang user ng account mo.
- Ang pangalawang user ay maaaring makakita ng mga detalye ng account at gumawa ng mga pagbabago sa account mo.

**Kinakailangan ang unique code para ma-setup ng account mo*

GAMITIN ANG PORTAL UPANG:

- ✓ Humiling ng pagbabago sa antas ng serbisyo ng lalagyan sa ari-arian mo isang beses kada taon.
- ✓ Humiling ng pag-aayos, pagpapalit, o paghahatid ng lalagyan nang walang karagdagang bayad.
- ✓ Tingnan ang antas ng serbisyo at kasaysayan ng Bayad sa Pamamahala ng Solidong Basura ng ari-arian mo.
- ✓ Magtalaga ng mga pangalawang user sa account mo.
- ✓ Mag-sign up para sa mga text at/o email alert tungkol sa mga update sa paghahatid ng lalagyan, koleksyon ng mga puno ng pista opisyal, ligtas na paggiling ng papel, at iba pa.



Maaaring may available na tulong pinansyal. Pakibisita ang sandiego.gov/esdfa para sa karagdagang impormasyon.



I-scan para sa mga available na wika:

- English
- Español
- Tiếng Việt



Paki-recycle ang liham na ito!